*Ready Business ay nilinang sa pamagitan ng* konsultasyon sa sumusunod na mga organisasyon:

Ang 9/11 Public Discourse Project, ASIS International,


Business Executives for National Security, The Business Roundtable, International Safety Equipment Association, International Security Management Association, National Association of Manufacturers, National Federation of Independent Business, Occupational Safety and Health Administration, Small Business Administration, Society for Human Resource Management, U.S. Chamber of Commerce.

Sinasalamin ng mga rekomendasyon na ito ang Emergency Preparedness and Business Continuity Standard (NFPA 1600) na ihinanda ng National Fire Protection Association at may pag-endorso ng America National Standards Institute, ang 9/11 Commission at ng U.S. Department of Homeland Security.

Ang framework na ito ng karaniwang kaalaman ay dinisenyo upang ilunsad ang proseso upang matuto ng tungkol sa mga kahandaan sa negosyo. Para sa mas marami pang impormasyon pumunta sa:

www.ready.gov

U.S. Department of Homeland Security
Washington, DC 20528



# Ang bawat negosyo ay dapat magkaroon ng plano. Maghanda na ngayon.

Homeland Security

www.ready.gov

# Paghahanda Nakabubuti para sa Negosyo.

Gaano kabilis makakabalik ang inyong kumpanya sa negosyo pagkatapos ng pag-atake ng terorista o buhawi, sunog o baha ay kadalasang umaasa sa mga planong pang-emergency ngayon. Kahit na ang U.S. Department of Homeland Security ay nagsusumikap na pigilan ang mga pag-atake ng mga terorista, ang regular na kaganapan ng mga sakuna sanhi ng kalikasan ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagiging handa para sa anumang emergency. Kahit na tinatanggap na ang bawat sitwasyon ay naiiba, ang inyong organisasyon ay mas magiging handa kung magpaplano ito nang mabuti, magtatag ng mga pamamaraan sa oras ng emergency, at nagsasanay para sa lahat ng klase ng mga emergency. Ibinabalangkas ng gabay na ito ang mga karaniwang kaalaman na maaaring gawin ng mga may-ari ng negosyo at tagapamahala upang magsimulang maging handa. Ang dedikasyon sa pagpaplano ngayon ay makakatulong sa pagsuporta sa mga empleyado, parokyano, komunidad, ang lokal na ekonomiya at maging sabansa. Pinoprotektahan din nito ang inyong puhunan sa negosyo at nagbibigay sa inyong kumpanya ng mas magandang pagkakataon para manatiling bukas.

Ang bawat negosyo ay dapat na mayroon ng plano. Maghanda na ngayon.

## Planuhin na Manatili sa Negosyo

Ang pagpaplano para sa pagpapatuloy ng negosyo ay dapat na makatugon sa parehong gawa ng tao at sanhi ng kalikasan na mga sakuna. Dapat kayong magplano nang maaga upang pamahalaan ang anumang emergency. Maging handa na tasahin ang situwasyon, gamitin ang karaniwang kaalaman at mga magagamit ng ari-arian upang pangalagaan ang inyong sarili, ang inyong mga katrabaho at ang pagbangon ng inyong negosyo.

Pagpaplano para sa Pagpapatuloy: Ang pagtatasa ng panganib ay maaaring isang kumplikadong larangan ng pagkadalubhasa na sumasaklaw mula sa pagtatasa sa sarili hanggang sa pinalawak na pag-aaral sa inhinyeriya. Ang mga pangangailangan sa panganib ng inyong organisasyon ay mga pangangailangan sa panganib na magbabago batay sa partikular na industriya, laki,sakop at lokasyon ng inyong indibidwal na kumpanya. Simulan sa pamamagitan ng pag-aaral ng flow chart ng inong negosyo, kung mayroon man, upang matukoy ang kritikal na operasyon para manatiling bukas at makabangon. Maingat na tasahin ang iyong panloob at panlabas na gawain sa negosyo upang matukoy kung aling mga kawani, materyales, pamamaraan at kagamitan ang mgalubos na kinakailangan upang mapanatiling bukas ang negosyo. Dapat rin kayong magtatag ng mga pamamaraan para sa mga susunod na mamamahala.

Isama sa pagpaplano ang mga katrabaho mula sa lahat ng mga antas at bilang mga aktibong miyembro ng grupong namamahala sa emergency. Gumawa ng listahan ng inyong mga pinakamahalagang parokyano at mauna nang magplano ng mga paraang paglingkuran ang mga ito habang at pagkatapos ng sakuna. Tukuyin din ang mga pangunahing tagatustos, nagdadala at mga mapagkukunan at iba pang mga negosyo na dapat mong makaharap sa araw-araw. Ang isang sakuna na nagpasara sa isang pangunahing supplier ay maaaring malaking problema sa inyong negosyo.

Planuhin kung ano ang inyong gagawin kung ang inyong gusali, planta o tindahan ay hindi mapuntahan. Kausapin ang inyong mga kawani at katrabaho at madalas na repasuhin at sanayin kung ano ang nilalayon ninyong gawin habang at pagkatapos ng emergency. Habang ang inyong negosyo ay nagbabago sa pagtagal ng panahon, gayundin ang inyong mga pangangailangan sa kahandaan. Muling pag-aralan at i-update ang inyong mga plano nang kahit man lamang taun-taon at iparating sa inyong mga empleyado ang mga pagbabago.

Pang-emergency na Pagplano para sa mga Empleyado: Ang inyong mga empleyado at mga katrabaho ay ang pinakamahala-gang yaman ng inyong negosyo. Mahalaga ang komunikasyon sa pagitan ng dalawa bago, habang at pagkatapos ng sakuna. Isama ang impormasyon sa emergency sa mga newsletter, sa intranet ng inyong kumpanya, sa mga pana-panahon na ipinapadalang mga email at / o iba pang pamamaraan ng komunikasyon. Magtalaga ng

mga numero ng telepono sa labas ng bayan kung saan maaaring magiwan ang mga empleyado ng mensaheng “Okay ako” sa panahon ng sakuna. Kung mayroon kayong mga empleyadong may kapansanan o espesyal na pangangailangan, tanungin sa kanila kung anong tulong, kung mayroon man, ang kakailanganin nila.

**Mga Supply na Pang-emergency:** Kapag naghahanda para sa mga emergency na sitwasyon, pinakamabuting pag-isipan muna ang tungkol sa pangunahin bagay ng pananatiling buhay: sariwang tubig, pagkain, malinis na hangin at init. Hikayatin ang lahat na magkaroon ng pinsadyang madaling madalang emergency supply kit upang matugunan ang kanilang personal na pangangailangan, gaya ng pagsama ng ilang mahalagang gamot. Kausapin ang inyong mga katrabaho tungkol sa anong mga supply na pang-emergency ang maaaring ibigay ng kumpanya, kung mayroon man, at kung alin dapat ang isiping dalhin ng mga indibidwal. Kasama sa mga inirerekomendang supply na pang-emergency ang: tubig, pagkain, parehong pinatatakbo ng baterya na radyo at isang NOAA weather radio na alarma, karagdagang baterya,flashflight, first aid kit, pitoliyabe o plaes upang isara ang mga utiliddesisyong pagkatapos na maganap ang insidente ay kung mananatili sa silungan o shelter o lumikas. Dapat ninyong maintindihan at magplano nang mas maaga para sa mga parehong posibilidad sa pamamagitan ng pagbuo ng mga malinaw, lubos na pinag-isipang plano. ad, filter mask, piraso ng plastik at duct tape sa dala ng hangin na mga kemikal na panganib at mga mamasa-masang bimpo, basurahang bag at panaling plastik para sa mga personal na paglinis.



Magtago ng kopya ng mga mahalagang rekord gaya ng mga mapa ng lugar, plano ng gusali, polisa ng seguro, numerong matatawagan at impormasyong pagkakakilanlang ng empleyado, rekord ng account sa bangko, listahan ng supplier at mga tatawagan sa pagpapadala, computer back up, impormasyon kung ano ang matatawagan para sa emergency o may kapangyarihan at iba pang pangunahing dokumento sa isang hindi nababasa, nasusunog na madaling mabitbit na lalagyan. Itago ang pangalawang kopya ng mga rekord sa isang lugar na malayo sa kasalukuyang kinalalagyan.

**Planong Pananatili o Paglikas:** Depende sa inyong situwasyon at sa uri ng sakuna, ang unang mahalagang desisyong pagkatapos na maganap ang insidente  ay kung mananatili sa silungan o shelter o lumikas. Dapat ninyong maintindihan at magplano nang mas maaga para sa mga parehong posibilidad sa pamamagitan ng pagbuo ng mga malinaw, lubos na pinag-isipang plano.

Sa panahon ng anumang emergency, ang mga lokal na awtoridad ay maaari o maaaring hindi kaagad makapagbigay ng impormasyon ung ano ang nangyayari at ano ang dapat ninyong gawin. Gayunpaman, dapat kayong patuloy na manood ng telebisyon o makinig ng balita sa radyo para sa mga impormasyon o opisyal na mga tagubilin kapag ipapahayag na ang mga ito.

**Gumawa ng Plano sa Paglikas:** Ang mga ilang sakuna ay mangangailangan ng agarang paglikas ng mga empleyado sa lugar na pinagtatrabahuhan. Ang kakayahang maglikas ng mga manggagawa, parokyano at bisita nang epektibong ay makapagliligtas ng buhay. Kung may negosyo kayo na nangangalakal sa higit sa isang lugar, magtakda ng mga pamamaraan sa paglikas para sa bawat indibidwal na gusali. Kung ang inyong kumpanya ay nasa isang mataas na gusali, isang industriyal na parke, o maging isang maliit na mall, mahalagang makipagtulungan at magsanay kasama ang mga ibang naninirahan o negosyo upang maiwasan ang pagkalito at posibleng gridlock.

**Gumawa ng Planong Pagsilong sa Kinaroroonan:** Maaaring may mga sitwasyon na mas mabuting manatili sa inyong kinaroroonan upang maiwasan ang anumang hindi inaasahang pangyayari sa labas. May mga ibang situwasyon, tulad ng oras na may buhawi o kemikal na insidente, kung kailan at paano at saan pupunta upang sumilong ay napakahalaga upang manatiling buhay. Dapat mong maintindihan ang mga kaibhan at plano para sa lahat ng mga posibilidad.

Pumunta sa www.ready.gov para sa mas ispisipikong impormasyon sa mga paksang ito at pati na rin kung kailan at paano ang “selyuhan-ang-silid” para sa proteksyon laban sa kemikal na kontaminasyon at mga hakbang na dapat gawin para sa kaligtasan sa sunog at mga medikal na emergency.

## Kausapin ang Inyong mga Tauhan

Kinikilala ang pangangalaga sa kapakanan ng inyong mga katrabaho bilang isa sa pinakamabuting paraan upang matiyak ang pagbangon ng inyong kumpanya. Nangangahulugan ito na makikipag-usap nang regular sa mga empleyado bago, habang at pagkatapos ng isang insidente. Gamitin ang mga newsletter, intranet, pagpupulong ng mga kawani at iba pang panloob na pamamaraan ng komunikasyon upang maiparating ang mga plano at proseso sa oras ng emergency.

**Ensayuhin ang Plano kasama ang mga Katrabaho:** Madalas na magsanay ng kung ano ang gagawin sa oras ng sakuna. Magsagawa ng regular na iskedyul para sa mga seminar na pang-edukasyon at pagsasanay upang makapagbigay sa mga katrabaho ng impormasyon, matukoy ang mga pangangailangan at malinang ang kakayahan sa paghahanda. Isama ang pagsasanay para sa oras ng sakuna sa mga programang pang-oryentasyon para sa mga bagong empleyado.

**Isulong ang Kahandaan ng Pamilya at ng Indibidwal:** Kung ang mga indibidwal at pamilya ay handa, ang inyong kumpanya at mga katrabaho ay nasa mas magandang posisyon sa sitwasyon ng emergency. Hikayatin ang inyong mga empleyado at ang kanilang pamilya na: magkaroon ng supply kit na pang-emergency, gumawa ng planong pang-emergency para sa pamilya at magkaroon ng sapat na kaalaman tungkol sa iba't ibang.  Pumunta sa www.ready.gov para sa mas marami pang impormasyon o mag-print at ipamahagi ang mga kopya ng “May Saysay ang Paghahanda” na mga libreta sa inyong mga katrabaho.

**Magsulat ng Crisis Communication Plan:** Idetalye kung paano ang plano ng inyong organisasyon upang makipag-ugnayan sa mga empleyado, lokal na awtoridad, parokyano at iba pa habang at pagkatapos ng isang sakuna. Isama ang mga mahalagang impormasyon para sa mga empleyado, mga pangunahing ehekutibo ng kumpanya, ang pangkalahatang publiko at inyong parokyano gayundin ang lokal, estado at pederal na mga awtoridad.

**Suportahan ang Kalusugan ng Empleyado Pagkatapos ng Sakuna:** Posibleng ang inyong mga kawani ay mangangailangan ang sapat na panahon upang masiguro ang kaligtasan ng mga miyembro ng kanilang pamilya, ngunit mahalaga ang pagbalik sa trabaho sa personal na pagbangon ng mga taong nakaranas ng sakuna. Ang nakaugaliang gawain sa pinagtatrabahuhan ang magpapadali sa pagbangon sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkakataon na maging aktibo at panunumbalik ng pakikisalamuha sa iba. Maitatag muli ang mga dating gawain, hangga't maaari. Maaaring nais rin ninyong pag-isipang mag-alok ng mga propesyonal na tagapayo upang tulungan ang mga katrabaho na harapin ang kanilang mga takot at alalahanin.

## Protektahan ang Inyong Puhunan

Dagdag pa sa mga pagpaplanong pang-emergency at komunikasyon sa mga empleyado, may mga hakbang na maaari ninyong gawin para maprotektahan ang inyong kumpanya at mabigyan seguridad ang mga pisikal na ari-arian.

**Pag-aralan ang Pagkakasaklaw ng Seguro:** Ang hindi sapat na pagkakasaklaw ng seguro ay maaaring magdulot ng malaking pagkalugi kung napinsala ang inyong negosyo, nasira o nagambala sa haba ng panahon. Magkakaiba ang mga polisa ng seguro, kung kaya't tanungin ang inyong ahente o tagapaglaan nito tungkol sa mga bagay-bagay gaya ng pisikal na pagkalugi, saklaw sa pagkabaha at pagkagambala ng negosyo.  Alamin kung ano ang saklaw ng inyong polisa at ano ang hindi.

**Maghanda para sa mga Pagkawala ng Ulitidad:** Ang mga negosyo ay madalas na umaasa sa kuryente, gas, telekomunikasyon, sewer at iba pang mga ulilidad. Dapat kayong magplano nang maaga para sa mas matagal na pagkawala ng serbisyo habang at pagkatapos ng sakuna. Makipag-usap sa mga tagadulot ng serbisyo tungkol sa mga posibleng alternatibo at tukuyin ang mga pagpipiliang back-up gaya ng mga nadadalang generator upang mapagana ang mga mahalagang aspeto ng inyong negosyo sa isang emergency.

**Tiyakin ang Kaligtasan ng mga Pasilidad, Gusali at Planta:** Kahit na walang paraan para maunahan kung ano ang magaganap o ang magiging sitwasyon ng inyong negosyo, may mga bagay na maaari ninyong gawin nang maaga upang matulungang mapangalagaan ang inyong pisikal na ari-arian. Mag-install ng mga pamatay-sunog, alarma para sa usok at detector sa mga naaangkop na mga lugar. Tiyakin ang kaligtasan ng pasukan at pagkalat at plano para sa kaligtasan ng sulat. Planuhin kung ano ang inyong gagawin kung ang inyong gusali, planta o tindahan ay hindi na magagamit. Panatilihing nasa ligtas na lugar ang mga mahahalagang kagamitan. At siguruhin na ang Heating, Ventilating and Air-conditioning (HVAC) system ay gumagana nang maayos at napananatiling maayos. Dapat ring ninyong matukoy kung magagawang i-upgrade ang filtration ng gusali bilang paraan ng proteksiyon laban sa pagbadya ng biyolohikong panganib at iba pang panganib na nasa hangin.

**Paghusayin ang Cyber Security:** Pangangalaga sa inyong mga datos at impormasyon sistema ng teknolohiya na malamang na mangangailangan ng espesyal na kagalingan, ngunit kahit na ang mga pinakamaliit na negosyo ay maaaring maging mas handa. Gamitin ang anti-virus software at panatilihin itong napapanahon. Huwag buksan ang email mula sa hindi kilalang pinagmulan. Gumamit nang mahirap mahulaan na mga password. Pangalagaan sa pamamagitan ng paggamit ng mga firewall ang iyong computer laban sa mga nanghihimasok na walang pahintulot sa Internet. I-back up ang inyong data sa computer at regular na mag-download ng mga update para sa proteksiyon ng seguridad na kilala bilang mga patch. Mag-subscribe sa U.S. Department of Homeland Security National Cyber Alert System, www.us-cert.gov, upang makatanggap ng libre, napapanahong mga alerto.

Ang pamumuhunan sa pagplano sa ngayon ay hindi lamang makakatulong para mangalagaan ang inyong puhunan sa negosyo at sa inyong pinagkakakitaan, ngunit susuporta rin sa inyong mga empleyado, parokyano at nakikipagsapalarang namuhunan, ang komunidad, ang lokal na ekonomiya at maging ang bansa. Maghanda na ngayon.



www.ready.gov